

Senior High School

# Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Lohikal at Ugnayan ng mga Ideya sa Pagsulat ng Pananaliksik



**Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik  
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Lohikal at Ugnayan ng mga Ideya sa Pagsulat ng  
Pananaliksik  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |                            |   |
|----------------------|----------------------------|---|
| <b>Manunulat:</b>    | William T. Camara Jr.      |   |
| <b>Editor:</b>       | Maria Leilane E. Bernabe   |   |
| <b>Tagasuri:</b>     | Juana Macalangay           | Marissa O. Aguirre<br>Ma. Gladys A. Delos Reyes |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Mary Laila Jane Paras      |   |
| <b>Tagalapat:</b>    | Nolan Severino R. Jusayan  | Jasmin V. Fcaturanan                            |
| <b>Tagapamahala:</b> | Wilfredo E. Cabral         | Francis Cesar B. Bringas                        |
|                      | Job S. Zape Jr.            |   |
|                      | Eugenio S. Adrao           | Ramonito O. Elumbaring                          |
|                      | Elaine T. Balaogan         |   |
|                      | Celedonio B. Balderas, Jr. | Lourdes T. Bermudez                             |
|                      | Lualhati O. Cadavedo       | Alona A. Encinarez                              |
|                      | Gemma G. Cortez            | Regin Rex P. Tosco                              |
|                      | Leylanie V. Adao           | Marissa O. Aguirre                              |
|                      | Cesar Chester O. Rellve    | Ma. Gladys A. Delos Reyes                       |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IV-A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Barangay San Isidro  
Cainta, Rizal 1800

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: region4a@deped.gov.ph

**Pagbasa at Pagsusuri  
ng Iba't ibang Teksto  
Tungo sa Pananaliksik  
Ikaapat na Markahan – Modyul 4:  
Lohikal at Ugnayan ng mga Ideya  
sa Pagsulat ng Pananaliksik**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik. Ito rin ay magdadala sa iyo upang maiugnay ang iyong napag-aralan sa mga naunang modyul, na makatutulong upang lumawak at mapalalim ang iyong kaalaman sa kaisipang nakapaloob sa isang teksto.

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik

**F11WG -IVgh - 92**

### **Layunin:**

1. Natatalakay ang bahagi at katangian ng konseptong papel.
2. Naisasagawa ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang konseptong papel.
3. Nakabubuo ng konseptong papel para sa sulating pananaliksik.



## **Subukin**

**Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin lamang ang titik ng wastong sagot at isulat sa sagutang papel.**

1. Ito ay nagsisilbing proposal sa gagawing pananaliksik.
  - A. Adyenda
  - B. Konseptong papel
  - C. Memorandum
  - D. Posisyong Papel
2. Ito ay isang plano na nagpapakita kung ano at saang direksiyon patungo ang paksang nais pag-aralan.
  - A. Konsepto
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
3. Alin sa sumusunod na pangungusap tungkol sa konseptong papel ang hindi kabilang?
  - A. Ito ay nagsisilbing proposal
  - B. Ito ay gawaing pang-*display* lamang sa *exhibit*
  - C. Ito ay isang plano na nagpapakita kung saan direksiyon patungo ang paksa
  - D. Nagsisilbing gabay o direksiyon lalo na sa mga baguhan sa gawaing pananaliksik
4. Sa anong bahagi ng pananaliksik matutunghayan ang hangarin o tunguhin batay sa paksa?
  - A. Inaasahang awtput
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
5. Ito ang bahaging nagsasaad ng kinalabasan ng pananaliksik o pag-aaral.
  - A. Inaasahang awtput
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
6. Aling bahagi ng pananaliksik ang nagsasaad ng kasaysayan o dahilan ng pagpili ng paksang tatalakayin?
  - A. Inaasahang awtput o resulta
  - B. Layunin

- C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
7. Aling bahagi ng konseptong papel ang naglalahad ng pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pangangalap ng datos?
- A. Inaasahang awtput
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
8. Ilang bahagi mayroon ang konseptong papel?
- A. 5
  - B. 6
  - C. 9
  - D. 8
9. Ito ang bahagi ng konseptong papel na nagpapakita ng tentatibong pamagat.
- A. Inaasahang awtput
  - B. Metodolohiya
  - C. Paksa
  - D. Sanggunian
10. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa hakbang sa pagbuo ng layunin ng konseptong papel?
- A. Gumagamit ng mga tiyak na pandiwa
  - B. Makatotohanan o maisasagawa
  - C. Maliwanag na nakalahad kung ano ang gagawin at paano ito gagawin
  - D. Paggamit ng mga salita mula sa sariling opinyon
11. Ang lahat ng salita ay patungkol sa metodolohiya maliban sa isa.
- A. Datos
  - B. Obserbasyon
  - C. Panayam
  - D. Sarbey
12. Sa bahaging ito ay inilista ang mga pinaghanguan o pinagkuhanan ng mga impormasyon.
- A. Inaasahang awtput
  - B. Metodolohiya
  - C. Paksa
  - D. Sanggunian
13. Aling salitang pandiwa ang hindi angkop na gamitin sa pagsasagawa ng konseptong papel?
- A. Makagawa
  - B. Makahanap

- C. Makatalakay
  - D. Masukat
14. Alin sa sumusunod na layunin ang angkop sa paksang *Epekto ng Pandemya sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 ng Mataas na Kahoy*?
- A. Nabibigyan ng masusing pagsisiyasat ang epekto ng pandemya sa pag-aaral ng mga *Senior High School* na mag aaral.
  - B. Natutukoy ang epekto ng pandemya sa akademikong performans ng mga mag-aaral.
  - C. Natutukoy kung paano labanan ng mga mag-aaral ang pandemya upang maging maalam.
  - D. Naiangat ang edukasyon ng Baitang 11 sa kabila ng Pandemya.
15. Sa pagsasagawa ng konseptong papel, alin sa sumusunod na gawi ang hindi kabilang?
- A. Bukas na pagtugon sa suhestiyon at paalala ng gurong tagapayo
  - B. Pangangalap at pagtatala nang maayos sa mga mahahalagang datos at impormasyon.
  - C. Pagkilala sa pinagkunan o sors at paghanap ng mga sanggunian
  - D. Pagpapabukas sa gawain dahil sa malayo pa naman ang itinakdang araw ng pagsusumite ng konseptong-papel.



**Aralin****1****PAG-UUGNAY NG KAISIPANG  
NAKAPALOOB SA BINASANG  
TEKSTO**

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang pag-uugnay ng kaisipan sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig batay sa sariling obserbasyon at mga pangyayari sa paligid.

***Balikan***

Bago natin simulan ang iyong magiging paglalakbay sa modyul na ito, muli mong balikan ang iyong natutuhan sa naunang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang ito:

- *Ano-ano ang mga paraan at proseso sa pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino?*

***Mga Tala para sa Guro***

Halina at ipagpatuloy ang iyong pag-aaral. Tuklasin mo na ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagsusuri kung paano nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga idea sa pagsulat ng isang pananaliksik.



## Tuklasin

### Basahin ang sitwasyon. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong sa ibaba.

Sa nalalapit na pagtatapos ng taong-panuruan, napansin ni Bb. Kayumanggi na halos marami na sa kaniyang mag-aaral ang hindi na pumasok sa klase. Napag-alaman niya na ang ilan sa mga mag-aaral ay huminto na rin sa kanilang pag-aaral. Bilang gurong-tagapayo, ang nais niya ay matulungan ang mga mag-aaral na huwag huminto sa pag-aaral at alamin ang kadahilanan ng kanilang paghinto o malimit na pagliban sa klase. Inanyayahan niya ang lahat ng mag-aaral upang pag-usapan ang kanilang mga suliranin at makatulong upang maiwasan ang *absenteeism* at *risk of dropping-out*. Tinanong niya ang mga mag-aaral at narito ang ilan sa kanilang mga pahayag:

- A. Walang sapat na pantustos sa kakailanganing kagamitan sa pag-aaral
- B. Kakulangan ng suporta mula sa kanilang magulang
- C. Natatakot sa kanilang mga mahihigpit na guro.
- D. Nawawalan ng interes at pagtitiyaga sa kanilang pag-aaral.
- E. Maagang tinanggap ang hamon ng responsibilidad na magkaroon ng sariling pamilya.
- F. Impluwensiya ng maling barkada at masamang kapaligiran.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang inyong napuna sa naging pag-uusap ng guro at mag-aaral?
2. Pansinin ang naging kasagutan ng mga mag-aaral? Masasabi ninyo ba na katanggap-tanggap ang kanilang mga sagot? Maaari ba itong maging basehan upang malutas ang problema sa paaralan? Ipaliwanag.
3. Ano ang dapat na gawin sa mga naging kasagutan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng solusyon sa problema?
4. Ano sa tingin ninyo ang mangyayari kung ang lahat ng suliranin sa paaralan at maging sa pamayanan ay gagawan ng konseptong papel at magtutuloy sa pananaliksik?



## ***Suriin***

Sa araw-araw nating gawain, maraming suliraning sa kapaligiran ang nangangailangan nang solusyon upang huwag nang magdulot ng ibayong pagdurusa o kalituhan sa bawat isa. Upang masolusyunan ang mga suliranin, iminumungkahi ang pagbuo ng konseptong papel upang ang lahat ng katanungan, suhestyon at rekomendasyon ay maidokumento nang maayos at maging basehan para sa angkop na solusyon sa anomang problema.

Alam ba ninyo na mayroong iba't ibang bahagi ang konseptong papel na maaaring magamit sa mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagbuo ng isang pananaliksik? Tara na! Pag-usapan natin ang mga ito.

**A. Konsepto** - Bilang panimulang gawain sa pananaliksik, mahalagang paghandaan ang pagbuo ng isang konsepto. Ang konsepto ay isang plano na nagpapakita kung ano at saang direksiyon patungo ang paksang nais pagtuunan.

**B. Konseptong Papel** – Ito ay nagsisilbing proposal para maihanda ang isang pananaliksik. Isang kabuuang ideya na nabuo mula sa isang *framework* o balangkas ng paksang bubuuin. Makatutulong ang konseptong papel upang lalong magabayan o mabigyang-direksiyon ang mananaliksik lalo na kung siya'y baguhan pa lang sa gawaing ito. Bago pa man kasi niya gawin ang malalimang pagsisiyasat o pagpapatunay sa pamamagitan ng mga nakalap na ebidensya ay magkakaroon na siya ng pagkakataong maipakita o mailahad kung ano ang mangyayari.

### **C. Pangunahing bahagi ng konseptong papel**

**1. Pahinang Nagpapakita ng Paksa** - Narito ang tentatibong pamagat ng pananaliksik na ginagamit kung hindi pa nakatitiyak sa magiging pamagat ng saliksik. Ang pamagat ng konseptong papel ay kailangang ganap na naglalarawan ng pinakabuod ng manuskrito.

Paano Ginagamit ang *E-Textbook* sa Loob ng Silid-Aralan

Tentatibong Paksa

Isinumite sa Departamento ng *Environmental Science*

Bilang bahaging pangangailangan sa asignaturang

*Research in Daily Life 1*

Isinumite ni

Juan Dela Cruz

Grade 11-Oxygen

May Akda

Isinumite kay

G. William T. Camara Jr.

Guro

2020

Taon kung kailan natapos ang pananaliksik

- 2. Kahalagahan ng Gagawing Pananaliksik (*Rationale*)** – Ito ang bahaging nagsasaad sa kasaysayan o dahilan kung bakit napiling talakayin ang isang paksa. Mababasa rito ang kahalagahan ng paksa.

**Halimbawa:**

Ayon kina Bernie Trilling at Charls Fadel sa kanilang aklat na *21st Century Skills: Learning for Life in our Times* (2009), ang kasalukuyang siglo ay nagdala ng mga bagong set ng indibidwal na lubhang naiiba sa kanilang magulang. Sila ang mga *digital native*. Sila ang unang set ng henerasyon na napaliligiran ng *digital media*. Sila rin ay naiiba sa mga “natutong gumamit” ng teknolohiya paglipas ng panahon o mga *digital immigrants*. Inilarawan nina Trilling at Fadel ang mga *digital native* bilang unang henerasyon sa kasaysayan na mas marami pang nalalaman tungkol sa mga impormasyong digital at teknolohiyang pangkomunikasyon o *digital information and communications technologies* kaysa sa mga mas nakatatanda sa kanila.

Ayon sa kanila, binago nito ang dinamika sa paaralan dahil ang mga mag-aaral na ang mga *digital mentor* at ang mga guro at magulang na ang mga *part-time* na mga mag-aaral.

- 3. Layunin** – Sa bahaging ito, inilalahad ang nais makamit sa pamamagitan ng pananaliksik. Kapag natapos nang isulat ang buong pananaliksik, alalahaning balikan ang mga layunin at siguraduhing natupad o nagawa ang mga ito.

**Halimbawa:** Nais ng papel na ito na magpokus sa *information, media, at technology skills* lalo na at ang ilan sa mga silid-aralan sa Pilipinas ay nagsisimula nang maging *hi-tech* hindi lamang sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya upang gumawa ng mga *teaching aid* at *instructional material*, kundi sa pamamagitan din ng unti-unting pagpapalit sa mga inimprentang teksbuk ng *electronic textbook* o *e-textbook*. Nais ng papel na ito na malaman kung paano ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral ang e-teksbuk sa pagtuturo at pag-aaral sa loob ng silid-aralan bilang manipestasyon ng kanilang *information, media, at technology skills* at kung ano ang impak ng teknolohiyang ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa loob at labas ng mga silid-aralan.

**Paano bumuo ng layunin?**

- a. Nakasaad sa paraang ipinapaliwanag o maliwanag na nakalahad kung ano ang dapat gawin at paano ito gagawin.
- b. Makatotohanan o maisasagawa.
- c. Gumagamit ng mga tiyak na pandiwa at nagsasaad ng mga pahayag na maaaring masukat o patunayan bilang tugon sa mga tanong sa pananaliksik.

Halimbawa ng mga pandiwang nagpapaliwanag ng proseso

Matukoy-Natutukoy

Maiulat-Naiuulat

Makapagsagawa-Nakapagsasagawa

Mailarawan-Nailalarawan

- 4. Metodolohiya** – Ilalahad dito ang pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pangangalap ng datos gayundin ang paraang gagamitin sa pagsusuri naman niya sa mga nakalap na impormasyon.

**Halimbawa:**

Ipinapanukala ng konseptong papel na ito ang pagsasagawa ng pakikipanayam sa ilan sa mga guro at mag-aaral na gumagamit ng e-textbook bilang metodo ng pagkalap ng impormasyon ayon sa layunin ng pananaliksik na isasagawa. Ipinapanukala rin ng papel na ito ang pagsasagawa ng obserbasyon sa mga silid-aralan ng isang piling paaralan na nagpapatupad ng paggamit ng *e-textbook* sa pili nitong mga pangkat at baitang upang higit na matibay ang mga datos na makukuha mula sa pakikipanayam.

- 5. Inaasahang awtput o resulta** – Dito ilalahad ang inaasahang kalalabasan o magiging resulta ng pananaliksik o pag-aaral. Dahil patuloy pa rin ang pangangalap ng impormasyon ay maaaring magkaroon pa rin ng pagbabago ang inaasahang resulta sa pinal na papel depende sa kalalabasan ng pagkalap ng datos.


**Halimbawa:**

Inaasahang makabubuo ng 50 pahinang awtput ang pananaliksik na isasagawa na tumutugon sa layunin ng papel na ito. Inaasahan ding makapagpapahayag sa awtput ng mga rekomendasyon na maaring magamit ng piniling paaralan o ng iba pang paaralang nagnanais na gumamit ng *e-textbook* sa kanilang kurikulum.

- 6. Mga Sanggunian** - Ilista ang mga sangguniang ginagamit sa pagkuha ng paunang mga impormasyon, ang mga sangguniang maaaring magamit, at nabanggit sa mga kaugnay na pag-aaral.

**Halimbawa:**

Dayag, A. M. & MG. G. del Rosario (2017) Pinagyamang Pluma 11 (Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik). Quezon City: Phoenix Publishing House.



## ***Pagyamanin***

### **PAGSASANAY 1**

**Sagutin at ipaliwanag ang kasagutan sa mga tanong.**

1. Ano-ano ang bahagi ng konseptong papel? Bakit mahalaga ang bawat bahagi nito?

---

---

---

---

2. Bakit mahalaga ang *feedback*, mungkahi, at suhestiyon ng guro sa pagbuo ng isang konseptong papel?

---

---

---

---

3. Paano isinasagawa ang proseso sa pagbuo ng konseptong papel?

---

---

---

---

## PAGSASANAY 2

**Tukuyin kung tama o mali ang sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.**

- \_\_\_\_\_ 1. Sa pamamagitan ng impormasyong taglay ng konseptong papel hindi maaaring magbigay ng paunang *feedback*, mungkahi, o suhestiyon ang iyong guro.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang *rationale* na bahagi ng konseptong papel ay naglalaman ng kalalabasan ng pag-aaral batay sa pangangalap na ginawa ng mananaliksik tungkol sa paksang kaniyang tatalakayin.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang bahagi ng konseptong papel na nagsasabi tungkol sa kasaysayan o dahilan kung bakit napiling talakayin ang isang paksa ay tinatawag na metodolohiya.
- \_\_\_\_\_ 4. Maaaring magkaiba ang kinalabasang sagot sa konseptong papel matapos magsuri ng mga nakalap na datos.
- \_\_\_\_\_ 5. Mahirap magsagawa ng konseptong papel kaysa pananaliksik.

## PAGSASANAY 3

**Bilang paghahanda sa pagbuo mo ng konseptong papel, inaanyayahan kitang bumuo ng tatlong paksa ayon sa iyong lebel ng interes. Pagkatapos ay lagyan ang mga nabanggit na paksa ng angkop na layunin.**

1. a. PAKSA \_\_\_\_\_

---

---

---

---

b. LAYUNIN \_\_\_\_\_

---

---

---

---




2. a. PAKSA \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

b. LAYUNIN \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

3. a. PAKSA \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

b. LAYUNIN \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## ***Isaisip***

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong:**

1. Ano ang kahalagahan ng konseptong papel sa pananaliksik?

---

---

---

---

2. Ibigay ang bahagi ng konseptong papel at ilahad ang gagawin sa bawat bahagi nito?

---

---

---

---

3. Ano ang dapat isagawa kapag ang konsepto ay malawak? Bakit?

---

---

---

---


4. Ano ang dapat gawin ng isang mananaliksik upang maging maganda ang kinalabasan ng kaniyang gagawing konseptong papel?

---

---

---

---



## ***Isagawa***

**Buoin ang konseptong papel mula sa mga suliraning iyong naobserbahan sa paligid. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.**

Paksa

---

---

---

---

*Rationale*

---

---

---

---

Layunin

---

---

---

---

Metodolohiya

---

---

---

---

Inaasahang Awtput o Resulta

---

---

---

---

Sanggunian

---

---

---

---




## Tayahin

**Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin lamang ang letra ng wastong sagot at isulat sa sagutang papel.**

1. Anong bahagi ng pananaliksik matutunghayan ang hangarin o tunguhin batay sa paksa?
  - A. Inaasahang awtput
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
2. Ito ang bahaging nagsasaad ng kinalabasan ng pananaliksik o pag-aaral.
  - A. Inaasahang *awtput*
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
3. Ito ay nagsisilbing proposal sa gagawing pananaliksik.
  - A. Adyenda
  - B. Konseptong Papel
  - C. Memorandum
  - D. Posisyong Papel
4. Ito ay isang plano na nagpapakita kung ano at saang direksiyon patungo ang paksang nais pagtuunan.
  - A. Konsepto
  - B. Layunin
  - C. Metolohiya
  - D. *Rationale*
5. Aling bahagi ng konseptong papel ang naglalahad ng pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pangangalap ng datos?
  - A. Inaasahang awtput
  - B. Layunin
  - C. Metodolohiya
  - D. *Rationale*
6. Ilang bahagi mayroon ang konseptong papel?
  - A. 5
  - B. 6
  - C. 7
  - D. 8

7. Aling bahagi ng pananaliksik ang nagsasaad ng kasaysayan o dahilan ng pagpili ng paksang tatalakayin?
- Inaasahang awtput
  - Layunin
  - Metodolohiya
  - Rationale*
8. Ang lahat ng salita ay patungkol sa metodolohiya maliban sa isa.
- Datos
  - Obserbasyon
  - Panayam
  - Sarbey
9. Alin sa sumusunod na pangungusap tungkol sa konseptong papel ang hindi kabilang?
- Ito ay nagsisilbing proposal
  - Ito ay gawain pang-*display* lamang sa *exhibi*
  - Ito ay isang plano na nagpapakita kung saan direksiyon patungo ang paksa
  - Nagsisilbing gabay o direksiyon lalo na sa mga baguhan sa gawaing pananaliksik
10. Ito ang bahagi ng konseptong papel na nagpapakita ng tentatibong pamagat.
- Inaasahang awtput
  - Metodolohiya
  - Paksa
  - Sanggunian
11. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa hakbang sa pagbuo ng layunin ng konseptong papel?
- Gumagamit ng mga tiyak na pandiwa
  - Makatotohanan o maisasagawa
  - Maliwanag na nakalahad kung ano ang gagawin at paano ito gagawin
  - Paggamit ng mga salita mula sa sariling opinyon
12. Alin sa sumusunod na layunin ang angkop sa paksang *Epekto ng Pandemya sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 ng Mataas na Kahoy?*
- Nabibigyan ng masusing pagsisiyasat ang epekto ng pandemya sa pag-aaral ng mga *Senior High School* na mag-aaral.
  - Natutukoy ang epekto ng pandemya sa akademikong performans ng mga mag-aaral.
  - Natutukoy kung paano labanan ng mga mag-aaral ang pandemya. upang maging maalam
  - Naiaangat ang edukasyon ng Baitang 11 sa kabila ng Pandemya.

13. Sa pagsasagawa ng konseptong papel. Alin sa sumusunod na gawi ang hindi kabilang?
- A. Bukas na pagtugon sa suhestiyon at paalala ng gurong tagapayo
  - B. Pangangalap at pagtatala nang maayos sa mga mahahalagang datos at impormasyon.
  - C. Pagkilala sa pinagkunan o sors at paghanap ng mga sanggunian
  - D. Pagpapabukas sa gawain dahil sa malayo pa naman ang itinakdang araw ng pagsusumite ng konseptong-papel.
14. Sa bahaging ito, inililista ang mga pinaghanguan o pinagkuhanan ng mga impormasyon?
- A. Inaasahang awtput
  - B. Metodolohiya
  - C. Paksa
  - D. Sanggunian
15. Aling salitang pandiwa ang hindi angkop na gamitin sa pagsasagawa ng konseptong papel?
- A. Makagawa
  - B. Makahanap
  - C. Matalakay
  - D. Masukat



## ***Karagdagang gawain***

### **PAGSASANAY 1**

**Ano-ano ang mga natutuhan mo sa bawat bahagi ng konseptong papel? ipaliwanag ang sagot sa iyong kuwaderno.**

**1. *Rationale***

**2. *Layunin***

**3. *Metodolohiya***

**4. *Inaasahang awtput o resulta***





## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. A
3. B
4. B
5. A
6. D
7. C
8. B
9. C
10. D
11. A
12. D
13. B
14. B
15. D

**Pagymamanin**

PAGSASANAY 2

1. MALI
2. MALI
3. MALI
4. TAMAY
5. MALI

**Tayahin**

1. B
2. A
3. B
4. A
5. C
6. B
7. D
8. A
9. B
10. C
11. D
12. B
13. D
14. D
15. B

## ***Sanggunian***

Atanacio, Heidi C. et al., Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't-Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Quezon City, C & E Publishing, Inc. (2016)

Alma M. Dayag & Mary Grace G. del Rosario (2017) Pinagyamang Pluma 11 (Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik). Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)